Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

TENOFOVIR (Viread)

Bakit ako pinaiinom ng TENOFOVIR?

- Ang TENOFOVIR (tinatawag ding Viread) ay isa sa mga gamot na iniinom kasama ng ibang gamot laban sa impeksyong HIV.
- Hinaharang ng TENOFOVIR ang protinang "Reverse Transcriptase", kaya ito ay kasama sa pangkat ng mga gamot na tinatawag na "Reverse Transcriptase Inhibitors" (RTI). Ang protinang ito ay kailangan ng HIV virus upang magparami. Upang mapabagal ang paglala ng HIV infection, kailangang pigilin ang protinang ito.
- Ang pag-inom ng TENOFOVIR ay makababawas ng HIV virus sa katawan. Maiiwasan ang pagkakaroon ng mga sakit na kaugnay ng AIDS, mapananatiling malusog ka nang mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Ang TENOFOVIR ay nasa anyo ng 300 mg. na tableta.
- Ito ay kadalasang iniinom minsan sa maghapon (300 mg) na may kasamang pagkain.
- Ang TENOFOVIR ay dapat itabi sa room temperature. Panatilihing laging tuyo. Huwag ilagay sa banyo o sa kusina, dahil maaaring mawalan ng bisa kapag namasa.
- Itabi sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin kaagad sa sandaling maalala. Kung ang susunod na pag-inom ay sa loob ng dalawang oras, sundin lamang ang talatakdaan (schedule). Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga recent studies na kailangang regular ang pag-inom nito upang umepekto laban sa HIV. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa nito at ang virus ay maaaring mag-iba at manlaban.

Anu-ano ang mga side effects ng TENOFOVIR?

- Karamihan sa pangkaraniwang side effects ng TENOFOVIR ay hindi malala, katulad ng pananakit ng ulo, pagtatae, pagduduwal, pagsusuka at kabag. Kung minsan, ang TENOFOVIR ay maaaring maging dahilan ng pagbabago sa liver at muscle functions. Makikita ang mga pagbabagong ito sa blood test na kailangang isagawa nang regular.
- Sa kasalukuyan, ang epekto ng matagalang paggamit ng TENOFOVIR ay hindi pa alam.
- Kung nakakaranas ka ng mga side effects na ito, ipaalam sa doktor at parmasyutika at isangguni ang mga sintomas na mga ito sa kanila. Ang TENOFOVIR ay maaari ring maging sanhi ng pagkakaroon ng abnormalidad sa blood sugar at atay.
- Huwag itititgil ang paginom ng gamot hanggaít hindi kumukunsulta sa doktor o parmasyutika. Maaaring mayroon silang maimumungkahi at magagawang paraan nang hindi itititgil ang gamot.

Puwede bang inumin ang TENOFOVIR na kasabay ng ibang gamot?

- Ang TENOFOVIR ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang sabihin sa doktor o sa parmasyutika kung anu-anong gamot ang iniinom mo (gayundin ang mga bitamina at herbs).
- Isa sa mga karaniwang gamot na maaaring mag-interact sa TENOFOVIR ay DDI (Videx o Videx-EC). Kung umiinom ka ng DDI at TENOFOVIR, kailangang bawasan ang dosis ng DDI.

Puwede bang inumin ang TENOFOVIR nang may alak o street drugs?

- Ipinapayo sa kalahatan na iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs habang umiinom ng mga gamot laban sa HIV.
- Ang alak ay maaaring mag-interact sa mga gamot. Huwag palalampasin ang pag-inom ng gamot dahil gusto mong uminom ng alak.

Puwede ba akong uminom ng TENOFOVIR kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Sa ngayon, hindi pa alam kung ligtas para sa mga buntis, at para sa nagpapasuso ng sanggol at para sa bata ang paggamit ng TENOFOVIR. Kumunsulta sa doktor bago uminom ng gamot na ito.
- Ipinapayo sa mga babaeng may HIV na huwag magpapasuso sa kanilang sanggol. Ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman at pag-ingatan kung imiinom ng TENOFOVIR?

- Regular na magpa-blood test. Dahil sa ang TENOFOVIR ay tinutunaw ng kidney, siguruhing ang pagsusuri sa kidney ay isinasagawa nang regular.
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang TENOFOVIR ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsalin ng HIV. Laging mag-ingat kung nakikipag-sex ka. Gumamit ng kondom, o kung nagdudurog, gumamit ng malinis na karayom.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.